

Ang hassle-free na karanasan sa pagboto: isang praktikal na gabay.

Narito ang ilang mga estratehiya na makakatulong upang maging mas maginhawa ang karanasan sa proseso ng pagboto para sa lahat.

PAGBOTO SA KOREO

SIMPLE. Darating ang inyong balota sa inyong mailbox.

SMART. Pagdesisyunan ang iboboto at kumpletuhin ang inyong balota nang kumportable sa bahay.

SECURE. I-seal ang inyong kumpletong balota sa ibinigay na sobre, pirmahan at petsahan ito, lagyan ng selyo at ibalik ito kaagad sa pamamagitan ng koreo upang tiyak na matanggap ito bago ang Araw ng Eleksyon. Sa loob ng pitong araw bago ang Araw ng Eleksyon, maaari ninyong ideposito ang inyong selyadong balota sa isa sa maraming kumbinyenteng mga drop-off location sa buong county. O, i-drop ito sa opisina ng Tagapagrehistro o saan mang botohan sa Araw ng Eleksyon.

Tip: Ang mga Botante sa Balotang Pangkoreo na nagdesisyong bumoto sa kanilang lugar ng botohan ay dapat DALHIN ang kanilang Balotang Pangkoreo para I-SURRENDER, pagkatapos isang bagong balota ang mai-isyu.

Mag-sign up upang matanggap ang inyong balotang pangkoreo. Pumunta sa sdvote.com at click ang "Maging isang Botanteng Pangkoreo."

BUMOTO SA ARAW NG ELEKSYON

Markahan ang inyong mga pinili sa sampol na balota nang maaga para pagpasok ninyo sa voting booth, mabilis ninyong mapupunan ang opisyal na balota. Siguraduhing pumunta sa inyong nakatalagang lokasyon ng botohan sa pagitan ng ika-7 ng umaga at ika-8 ng gabi. Tingnan ang likod na takip ng inyong sampol na balota para makita ang inyong nakatalagang botohan.

★ ★ ★ ★ ★ BUMOTO ★ ★ ★ ★ ★

PAGBOTO NG PROBISYONAL. ANO ITO? GAMITIN LAMANG ITO BILANG INYONG HULING PAGKAKATAON.

Bilang isang nakarehistrong botante sa County ng San Diego, ang probisyonal na pagboto ay pinoprotektahan ang inyong kakayahang bumoto. Kung hindi makakarating sa inyong lugar ng botohan, nakalimutan ninyong dalhin ang inyong balotang pangkoreo sa lugar ng botohan, o ang inyong pangalan ay wala sa listahan ng mga botante, karapatan ninyong makatanggap ng probisyonal na balota. Ngunit maging handa sa pagdaragdag ng ilang oras upang punan ang porma na nasa sobre ng probisyonal. Gayundin, kung kayo ay bumoto nang probisyonal sa labas ng inyong itinalagang presinto ng pagboto, maaaring hindi kayo makakaboto sa lahat ng mga kontest na karapat-dapat ninyong botohan. Narito kung paano iwasan ang hindi kailangang bumoto ng probisyonal sa Araw ng Eleksyon:

Pumunta sa inyong ITINALAGANG lugar ng botohan: Tingnan ang likod na takip ng inyong sampol na balota.

Isurender ang Inyong Balotang Pangkoreo: Kung nagpasya kayong bumoto sa inyong ITINALAGANG lugar ng botohan sa halip na sa pamamagitan ng koreo, dapat ninyong DALHIN ang inyong pakete ng balotang pangkoreo sa mga botohan upang ISURENDER.

Bumoto at Ibalik ang Inyong Balotang Pangkoreo: Kaagad na ipadala sa koreo, o ihulog ang inyong nakumpletong balotang pangkoreo sa isang drop-off location BAGO ang Araw ng Eleksyon. Tingnan ang mga drop-off location sa inyong pakete ng balotang pangkoreo o sa online sa sdvote.com

BOTO MO. PINILI MO.

Ang Araw ng Eleksyon ay maaaring maging napakahirap na mapagdesisyunan sa huling oras. O sa isang maikling preparasyon, ang karanasan ay maaaring maging maginhawa at madali. Sa alinmang paraan, sisiguruhin namin na ang bawat karapat-dapat na boto ay maibibilang.



Mag-sign up na upang maging isang botante ng balotang pangkoreo. Pumunta sa sdvote.com at click ang “Maging isang Botanteng Pangkoreo”

★ ★ ★ ★ ★ **BUMOTO** ★ ★ ★ ★ ★